Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

COPY
DATE 8-20-99

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-16 NG HUNYO, 1999, ARAW NG MIYERKOLES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO............. PANG. PUNONG BAYAN TAGAPANGULO
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez............ Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.............. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon.............. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............. Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca.............. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco........... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor......... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Florencio C. Odejar........... Kagawad

**KAPASIYAHAN BLG. 132-T'99**

**KAPASIYAHANG SUMUSUSOG SA PAMAMAGITAN NG PAGDARAGDAG SA ARTIKULO VI, SEKSYON 1 NG KAPASIYAHAN BLG. 104-T'94/KAUTUSANG BAYAN BLG. 3-T'94 TUNGKOL SA PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG SA ARTIKULO IV, SEKSYON 6, 14 At 15 NG NASABING KAUTUSAN.**

**SAPAGKA'T,** ang paglalagay ng mga paninda na nasa pasilyo o abas sa takdang lugar o puwesto tulad ng mga banyera ng isda, karitong ang tinda ay prutas, gulay at iba pa at mga panindang sasagabal sa mga mamimili at makasisira sa magandang tanawin ng pamilihang bayan ay di naaayon sa mga panuntunan ukol sa pamamahala ng pamilihang bayan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Bernardo . Ison, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie c. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang mga sumusunod na:**

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 15-T'99**

**KAUTUSANG SUMUSUSOG SA PAMAMAGITAN NG PAGDARAGDAG SA ARTIKULO VI, SEKSYON 1 NG KAPASIYAHAN BLG. 104-T'94/KAUTUSANG BAYAN BLG. 3-T'94 TUNGKOL SA PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG SA ARTIKULO IV, SEKSYON 6, 14 AT 15 NG NASABING KAUTUSAN.**

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na susugan ang mga sumusunod:

**ARTIKULO VI-SEKSYON 1 - KAPARUSAHAN** -"Anumang paglabag sa mga probisyong itinatadhana ng Kautusang ito ay papatawan ng multang hindi hihigit sa P2,500.00 o pagkabilanggo nang hindi hihigit sa anim (6) na buwan, o kaparusahang multa at pagkabilanggo, ayon sa ihahatol ng Hukuman".

Na susugan at ihiwalay sa kaparusahang nabanggit ang Seksyon 6, 14 at 15 ng Artikulo IV at gawing:

**ARTIKULO VI - SEKSYON 1 -KAPARUSAHAN** - Ang sinumang lumabag a Artikulo IV, Seksyon 6, 14 at 15 ng Kautusang Bayan Blg. 3-T'94 ay papatawan ng multa, ayon sa mga sumusunod:

1. **UNANG PAGLABAG** - multang P200.00

2. Ikalawang Paglabag -multang P300.00

3. Ikatlong Paglabag-multang P500.00

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kuwerpo ng Pulisya, Pambayang Hukom at Tanggapan ng Pamilihang Bayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. EUGENIO A JAVIER, JR.
Kagawad

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. EDGARDO T. PORCA
Kagawad

KGG. BERNARDO E. ISON
Kagawad

KGG. JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. JEFFREY A. VILLASENOR
Kagawad

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: ______
DATE: 8-70
STA. CRUZ, LAGUNA

NAGPATUTOO:
HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan